

Katayuan

Aktibo

PolicyStat ID

13257364



KODIAK AREA NATIVE ASSOCIATION

Nagsimula 4/14/2013

Huling Naaprubahan 3/6/2023

Nagkabisa 3/6/2023

Huling Binago 3/6/2023

Susunod na Pagsusuri 3/5/2024

May-ari Michelle

McClure:

Pagpapahusay ng

Kalidad Direktor

Saklaw HIPAA

## Abiso ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado

**Mangyaring maglaan ng ilang sandali para basahin at suriin ito nang mabuti. Inilalarawan ng abiso na ito kung paano maaaring gamitin at isiwalat ang iyong impormasyong pangkalusugan, at kung paano ka makakakuha ng access sa impormasyong ito.**

Nalalapat ang abiso na ito sa mga serbisyong ibinibigay ng Kodiak Area Native Association at sa mga nauugnay na rekord.

Iginagalang ng Kodiak Area Native Association (KANA) ang iyong pagkapribado at nauunawaan na ang iyong personal na impormasyong pangkalusugan ay pribado at sensitibong bagay.

Gumagawa kami ng rekord ng pangangalaga at mga serbisyong natatanggap mo sa KANA, na tinatawag na "protektadong impormasyong pangkalusugan" (protected health information, PHI). Kailangan ang impormasyong ito para mabigyan ka ng de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan at para sumunod sa batas. Halimbawa, kabilang sa impormasyong ito ang iyong mga sintomas, resulta ng pagsusuri, paggamot sa diagnosis, impormasyong pangkalusugan mula sa iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan, at impormasyon sa pagsingil at pagbabayad na may kaugnayan sa mga serbisyong iyon. Hindi namin isisiwalat ang iyong impormasyon sa iba maliban kung pinahihintulutan mo kaming gawin ito, o maliban kung pinahihintulutan o inatasan kami ng batas na gawin ito.

Maaring naming gamitin o isiwalat ang iyong impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan sa mga sumusunod na pangyayari:

- PAGGAMOT:** Maaari naming gamitin ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan para sa mga layunin ng paggamot. Ang impormasyong nakuha ng aming tauhan sa pangangalagang pangkalusugan ay irekord sa iyong rekord sa kalusugan at gagamitin para tumulong na magpasya sa naaangkop na pangangalaga. Maaari din kaming magbigay ng impormasyon sa iba na nagbibigay ng iyong pangangalaga. Halimbawa, maaaring ibahagi ang impormasyon ng gamot sa mga nars, parmasyutiko, o provider para maiwasan ang paggamot na kung hindi man ay magiging sanhi ng negatibong reaksyon.
- PAGBABAYAD:** Maaari naming gamitin ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan para sa mga layunin ng pagbabayad. Maaaring kabilang sa naturang "pagbabayad" ang mga pagsisikap ng KANA na makakuha ng bayad o mabayaran para sa mga serbisyong ibinibigay namin sa iyo. Halimbawa, maaaring kailanganin ng mga kompanya ng insurance ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong tinanggap mo sa KANA para pahintulutan ang pagbabayad. Bilang karagdagan, kung ibang tao ang responsable sa iyong mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan, maaari naming isiwalat ang impormasyon sa taong iyon kapag naniningil kami ng bayad.
- MGA PAGPAPATAKBO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN:** Maaari naming gamitin ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan para sa mga pagpapatakbo sa pangangalagang

pangkalusugan. "Ang mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan" ay ilang partikular na aktibidad na pang-administratibo, pananalapi, legal, at pagpapahusay ng kalidad na kinakailangan para matiyak na ang mga programa at pasyente ng KANA ay tumatanggap ng pinakamataas na kalidad ng pangangalaga. Halimbawa, maaari naming gamitin ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo para suriin ang performance ng aming mga tauhan, o para suriin ang mga serbisyo na ibinibigay sa KANA.

4. **MGA ELEKTRIKONG SISTEMA NG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN:** Gumagamit kami ng mga elektronikong sistema ng impormasyong pangkalusugan, na kinabibilangan ng network ng mga komunikasyon ng serbisyo sa pasyente na nagpapahintulot sa mga provider na may kaugnayan sa iyong pangangalaga sa ibang pantribong pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan at sa Mga Serbisyon Pangkalusugan ng Mga Indian na ma-access ang naipon na impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo sa aming mga pasilidad. Kapag naipasok na ang impormasyon sa mga elektronikong sistema na ito, hindi ito maaaring alisin, pero maaari itong baguhin. Kapag binigyan na ang mga user ng access sa iyong impormasyon, patuloy na magkakaroon ang user ng naturang access maliban kung iba ang mapagpasyahan. Available din ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan sa pamamagitan ng aming elektronikong palitan ng impormasyong pangkalusugan sa ibang provider ng pangangalagang pangkalusugan at sa mga planong pangkalusugan na humihiling ng iyong impormasyon para sa kanilang mga layunin sa paggamot, pagbabayad at pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan. Ang paglahok sa elektronikong palitan ng impormasyong pangkalusugan ay nagbibigay-daan din sa amin na makita ang impormasyon ng iba pang user tungkol sa iyo para sa mga layunin ng pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan, paggamot at pagbabayad ng KANA. Pinahihintulutan kang humiling ng impormasyon tungkol sa dokumentasyon hinggil sa kung sino ang nag-access sa iyong impormasyon sa pamamagitan ng elektronikong palitan ng impormasyong pangkalusugan. Maaari ka ring "mag-opt out" sa pagsasama ng bahagi o lahat ng iyong impormasyong pangkalusugan sa pagpapalitan. Para higit pang matuto kung paano mag-opt out, tumawag sa 907-486-9870.
5. **MGA PAALALA SA APPOINTMENT:** Maaaring gamitin o isiwalat ng KANA ang impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan para makipag-ugnayan sa iyo bilang paalala na mayroon kang appointment. Maaaring gamitin at isiwalat ng KANA ang impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan sa panahon ng paalala na tawag, pero ang impormasyong isiniwalat ay itatago sa kung ano ang kinakailangan para ipaalala sa iyo ang appointment.
6. **MGA LINK SA KASIYAHAN NG PASYENTE SA SMS/EMAIL:** Makakatanggap ka ng awtomatikong SMS text message at/o mga email na humihiling ng feedback hinggil sa iyong pangangalaga sa KANA. Kung mas gusto mong mag-opt out, mangyaring abisuhan kami, at/o gawin ito sa pamamagitan ng text/email sa pamamagitan ng pagsagot ng STOP.
7. **MGA TAONG MAY KAUGNAYAN SA IYONG PANGANGALAGA:** Maaari naming isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo sa kamag-anak, malapit na personal na kaibigan, o sinumang ibang tao na iyong tutukuyin kung ang taong iyon ay may kaugnayan sa iyong pangangalaga at ang impormasyon ay may kaugnayan sa iyong pangangalaga. Kung ang pasyente ay isang menor de edad, maaari naming ipaalam ang medikal na impormasyon tungkol sa menor de edad sa isang magulang, tagapag-alaga o iba pang tao na responsable para sa menor de edad maliban sa mga limitadong pangyayari. Maaari din naming gamitin o isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo sa iyong kamag-anak, ibang tao na may kaugnayan sa iyong pangangalaga o maaaring sa organisasyon ng pagtulong sa panahon ng sakuna (tulad ng Red Cross) kung kailangan naming ipaalam sa isang tao ang tungkol sa iyong lokasyon o kondisyon.  
Maaari mong hilingin sa amin anumang oras na huwag isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo sa taong may kaugnayan sa iyong pangangalaga. Susubukan naming sumang-ayon sa iyong kahilingan at hindi isiwalat ang impormasyon maliban sa mga limitadong pangyayari (tulad ng mga emergency) o kung ang pasyente ay isang menor de edad. Kung menor de edad ang pasyente, kami ay maaari o hindi maaaring sumang-ayon sa iyong kahilingan. *Halimbawa:* Ang asawa ng pasyente ay maaaring anyayahan sa isang kuwarto ng pagsusuri at maaaring talakayin ng provider ang gamot o paggamot sa pasyente at sa kanyang asawa.

8. **MGA INTERPRETER:** Para mabigyan ka ng naaangkop na pangangalaga at mga serbisyo, maaari kaming gumamit ng mga serbisyo ng interpreter. Maaaring kailanganin nito ang paggamit o pagsisiwalat ng iyong personal na impormasyong pangkalusugan sa interpreter.
9. **KINAKAILANGAN NG BATAS:** Gagamitin at isisiwalat namin ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo sa tuwing kami ay inaatasan ng batas na gawin ito. Maraming mga estado at pederal na batas ang nag-aatas sa amin para gamitin at isiwalat ang medikal na impormasyon. Halimbawa: Ang batas ng Estado ay nag-aatas sa amin na iulat ang mga tama ng bala at iba pang pinsala sa pulisya at iulat ang kilala o pinaghihinalaang pang-aabuso o kapabayaang sa bata sa Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan (Department of Social Services).
10. **MGA PAGGAMIT AT PAGSISIWALAT NA PAMBANSANG PRIYORIDAD:** Kapag pinahintulutan ng batas, maaari naming gamitin o isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo nang walang pahintulot mo para sa iba't-ibang aktibidad na kinikilala bilang "mga pambansang priyoridad." Isisiwalat lang namin ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo sa mga sumusunod na pangyayari kapag kami ay inatasan ng batas na gawin ito. Mga halimbawa: Mga banta sa kalusugan o kaligtasan; Mga aktibidad/panganib sa pampublikong kalusugan; Pang-aabuso, kapabayaang o karahasan sa tahanan; mga gawain sa pangangasiwa ng kalusugan; Mga paglilitis sa hukuman; Pagpapatupad ng batas; Mga Coroner, Tagasuring Medikal, o Direktor ng Punerarya; Kabayaran sa Mga Manggagawa; Ilang partikular na ahensya ng pamahalaan, tulad ng mga institusyon sa pagwawasto; mga sangay ng militar; donasyon ng tissue/pagkuha at pag-transplant ng organ; pambansang seguridad at mga aktibidad na intelihensya; at mga organisasyon ng pagtulong sa panahon ng sakuna.
11. **MGA KASUNDUAN SA KASAMA SA NEGOSYO:** Maaari naming gamitin ang iyong impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan at isiwalat ito sa mga indibidwal o organisasyong tumutulong sa KANA sa paggamot, mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan o mga layunin sa pagbabayad o sa pagsunod sa mga legal na obligasyon. Halimbawa, maaaring magsiwalat ang KANA ng impormasyon sa mga consultant o abogadong tumutulong sa amin sa aming mga aktibidad sa negosyo. Dapat sumang-ayon itong mga kasamahan sa negosyo na protektahan ang pagiging kumpidensyal ng protektadong impormasyong pangkalusugan.
12. **PANANALIKSIK:** Sa ilang partikular na pangyayari, maaari naming gamitin at isiwalat ang impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyo para sa mga layunin ng pananaliksik, pero kung sinuri at inaprubahan lang ng Lupon sa Pang-institusyong Pagsusuri (Institutional Review Board, IRB) ang pananaliksik. Maaari din naming ibahagi ang impormasyon sa mga mananaliksik na naghahandang magsagawa ng proyekto sa pananaliksik. Halos palagi naming hihilingin ang iyong partikular na pahintulot kung magkakaroon ang mananaliksik ng access sa anumang impormasyong nagbubunyag kung sino ka. Sa ilang sitwasyon, maaaring gamitin o isiwalat ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa pananaliksik nang wala ang pahintulot mo. Halimbawa: Maaaring suriin ng mananaliksik ang iyong rekord ng kalusugan para tukuyin kung mayroon kaming sapat na pasyente para magsagawa ng pag-aaral na pananaliksik sa diabetes. Sa mga sitwasyong ito, tinitiyak ng IRB na makatuwiran ang paggamit ng iyong impormasyon nang wala ang iyong pahintulot at may mga gagawing hakbang para limitahan ang paggamit ng iyong impormasyon.
13. **MGA PANGANIB SA PAMPUBLIKONG KALUSUGAN:** Maaari naming isiwalat ang impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyo para sa mga aktibidad sa pampublikong kalusugan na maaaring kasama ang sumusunod:
  - Pag-iwas o pagkontrol sa sakit, pinsala o kapansanan;
  - Mga ulat ng panganganak at pagkamatay;
  - Mga ulat ng pang-aabuso o pagpapabaya sa mga bata, matatanda at dependent na nasa hustong gulang;
  - Ulat ng mga reaksiyon o problema sa mga gamot o produktong pangkalusugan;

- Pag-abiso sa mga tao sa pagbabalik ng produkto na may kaugnayan sa kanilang pangangalagang pangkalusugan;
- Pag-abiso sa isang tao na maaaring nailantad siya sa sakit o maaaring nanganganib siyang mahawa sa o magpakalat ng sakit o kondisyon;
- Pag-abiso sa awtoridad ng pamahalaan kung naniniwala kaming ang isang pasyente ay naging biktima ng pang-aabuso, kapabayaang o karahasan sa tahanan. Gagawin lang namin itong pagsisiwalat kung sumasang-ayon ka o kung iniaatas o pinahihintulutan ng batas.

**14. IBA PANG PAGGAMIT AT PAGSISIWALAT:**

Maaari din naming gamitin at isiwalat ang iyong impormasyon para mapahusay ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, protektahan ang kaligtasan ng pasyente, pangalagaan ang pampublikong kalusugan, matiyak na ang aming mga pasilidad at practitioner ay sumusunod sa mga pamantayan ng pamahalaan at akreditasyon at kapag pinahihintulutan ng batas sa ibang paraan. Halimbawa:

- Nagbibigay kami sa FDA ng impormasyon tungkol sa mga gamot at device na pinangangasiwaan ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) ng U.S.
- Nagbibigay kami sa mga ahensya ng pangangasiwa ng pamahalaan ng data para sa mga aktibidad sa pangangasiwa sa kalusugan tulad ng pag-audit o pagbibigay ng lisensya.
- Nagbibigay kami ng mga abiso sa mga naaangkop na indibidwal kapag naniniwala kaming kinakailangan ito para maiwasan ang seryosong banta sa kalusugan o kaligtasan o para maiwasan ang seryosong pinsala sa indibidwal.
- Nagsisiwalat kami ng impormasyong kapag iniaatas ng batas sa ibang paraan, tulad ng Kalihim ng Departamento ng Mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos para sa mga layunin ng pagtukoy ng aming pagsunod sa aming mga obligasyong protektahan ang pagkapribado ng iyong impormasyong pangkalusugan.

**15. PAGIGING KUMPIDENSIAL NG MGA REKORD NG PAG-IWAS SA AT PAGGAMOT NA NAUUGNAY SA ALAK AT/O GAMOT**

Kung tumatanggap ka ng mga serbisyo sa paggamot na nauugnay sa alak at/o gamot, protektado hindi lang ng HIPAA, kundi pati na rin ng batas sa pagiging kumpidensyal na 42 CFR Bahagi 2 ang iyong mga medikal na rekord na tumutukoy sa iyo bilang tumatanggap ng mga serbisyon iyon. Nagbibigay ang batas na ito ng mga karagdagang proteksyon para protektahan ang pagkapribado ng mga rekord na ito.

Dapat kunin ng KANA ang iyong nakasulat na pahintulot bago magsiwalat ng impormasyong tumutukoy sa iyo bilang pasyente ng programa sa paggamot na nauugnay sa alak at/o gamot, kasama ang bago maglabas ng impormasyon para sa mga layunin ng pagbabayad. Maaaring magbigay ang KANA ng kondisyon sa paggamot kapag natanggap na ang iyong pahintulot para sa mga layunin ng pagbabayad. Gayunpaman, pinahihintulutan ng pederal na batas ang KANA na maglabas ng mga rekord na tumutukoy sa iyo bilang pasyente ng programa sa paggamot na nauugnay sa alak at/o gamot nang wala ang iyong nakasulat na pahintulot. Narito ang mga pagsisiwalat:

- Alinsunod sa kasunduan sa kwalipikadong organisasyon ng serbisyo o kasamahan sa negosyo;
- Para sa mga layunin ng pananaliksik, pag-audit, o pagsusuri;
- Para mag-ulat ng krimen laban sa mga tauhan ng ANMC o sa ari-arian ng ANMC;
- Sa mga medikal na tauhan sa medikal na emergency;

- Para mag-ulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso o kapabayaang sa bata sa mga naaangkop na awtoridad;
- Alinsunod sa utos ng hukuman.

Maaaring isiwalat ng KANA, halimbawa, ang iyong mga rekord na tumutukoy sa iyo bilang pasyente na tumatanggap ng mga serbisyo sa pag-iwas sa alak at/o droga at sa paggamot nang walang pahintulot mo kung ang tagahatol ay mag-isyu ng Utos ng Hukuman na nag-aatas sa KANA na magbigay ng mga rekord para sa pagding sa korte o aktibong demanda.

## MGA PAHINTULOT

Maliban sa mga paggamit at pagsisiwalat na naunang inilarawan, gagamitin at isisiwalat lang ang impormasyon kung pinayagan o pinahintulutan ng batas, o kasama ng nakasulat mong pahintulot. Sa ilang mga pagkakataon, maaari naming naisin na gamitin o isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo at maaari kaming makipag-ugnayan sa iyo para hilingin sa iyo na lumagda sa form ng pahintulot. Maaari mong kanselahin sa ibang pagkakataon ang iyong pahintulot na maglabas ng impormasyon sa pamamagitan ng pagsulat (maliban sa napakalimitadong mga pangyayaring may kaugnayan sa pagkuha ng coverage sa insurance). Kapag babawiin mo ang iyong pahintulot, susundin namin ang iyong mga tagubilin maliban sa lawak na kami ay umasa sa iyong pahintulot at gumawa ng ilang aksiyon.

*Kung gusto mong ma-access ng miyembro ng pamilya o kaibigan ang impormasyon tungkol sa iyo o tumulong sa pagsasaayos ng iyong pangangalagang pangkalusugan, tulad ng pag-iiskedyul o pagsuri sa mga oras ng appointment, mangyaring siguraduhin na ang pahintulot ay nasa file para ma-access ng taong iyon ang mga rekord mo. Kinakailangan ito para sa mga indibidwal para tulungan ka sa ganitong paraan.*

## MGA INDIBIDWAL MONG KARAPATAN HINGGIL SA IYONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN

1. **KARAPATAN SA KOPYA NG ABISO NA ITO:** May karapatan kang magkaroon ng papel na kopya ng aming Abiso ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado anumang oras.
2. **MGA TANONG:** May karapatan kang magtanong tungkol sa anumang impormasyong nakapaloob sa abiso na ito.
3. **KARAPATAN SA PAG-ACCESS PARA MAGSIYASAT AT MAGKOPYA:** May karapatan kang magsiyasat at tumanggap ng kopya ng impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo na pinapanatili namin sa ilang partikular na grupo ng mga rekord. Kung nais mong magsiyasat o tumanggap ng kopya ng impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo, dapat kang magbigay sa amin ng kahilingan sa pamamagitan ng pagsulat. Available ang mga form ng paghahayag ng mga rekord kapag hiniling. Maaaring may kaugnay na bayad sa kahilingang ito. Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan sa ilang partikular na pagkakataon. Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, ipapaliwanag namin ang aming dahilan sa paggawa nito sa pamamagitan ng pagsulat. Ipapaalam din namin sa iyo sa pamamagitan ng pagsulat kung may karapatan kang ipasuri ang aming desisyon sa ibang tao. Kung nasa elektronikong format ang iyong rekord sa kalusugan, maaari kang humiling na ang iyong kopya ay nasa elektronikong format din.
4. **KARAPATANG IPABAGO ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON:** May karapatan kang humiling ng pagbabago sa (itama ang o magpadagdag sa) impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo na pinapanatili namin sa ilang partikular na grupo ng mga rekord. Kung naniniwala kang hindi tumpak o hindi kompleto ang aming impormasyon, kapag nagbigay ka ng nakasulat na kahilingang may paliwanag kung bakit gusto mo itong ipabago, maaari naming baguhin ang impormasyon para isaad ang problema at abisuhan ang ibang taong may mga kopya ng hindi tumpak o hindi kompletong impormasyon; kung tatanggapin ang iyong kahilingan. Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, maaari kang magsulat ng pahayag ng hindi pagsang-ayon na ilalagay sa iyong rekord sa kalusugan. Mangyaring malamang maaari naming idagdag ang sarili naming pahayag na hindi sumasang-ayon sa mga ipinapanukala mong pagbabago sa iyong rekord. Isasama sa

anumang paglalabas ng iyong mga rekord ang lahat ng pahayag tungkol sa mga pagbabago sa iyong rekord sa kalusugan.

5. **KARAPATAN SA PAGTUTUOS NG MGA PAGSISIWALAT NA GINAWA NAMIN:** May karapatan kang makatanggap ng pagtutuos (na ang ibig sabihin ay detalyadong paglilista) ng mga pagsisiwalat na ginawa namin sa nakaraang anim (6) na taon. Hindi isasama sa pagtutuos ang ilang uri ng pagsisiwalat, kasama ang mga pagsisiwalat para sa paggamot, pagbabayad o mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan. Hindi isasama sa listahang ito ang mga pagsisiwalat na ginawa sa mga third party na tagabayad. Kung papanatilihin namin ang iyong mga medikal na rekord sa sistema ng Elektronikong Rekord sa Kalusugan (Electronic Health Record, EHR), maaari mong hilinging isama namin ang mga pagsisiwalat para sa paggamot, pagbabayad o mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan. Hindi rin isasama sa pagtutuos ang mga pagsisiwalat na ginawa bago ang Abril 13, 2003. Kung hihiling ka ng pagtutuos nang higit sa isang beses bawat labindalawang (12) buwan, maaari ka naming singilin ng bayad para saklawin ang mga gastos sa paghahanda ng pagtutuos.
6. **KARAPATANG HUMILING NG MGA PAGHIHIGPIT SA MGA PAGGAMIT AT PAGSISIWALAT:** May karapatan kang hilingin sa aming maglagay ng mga paghihigpit sa paraan ng paggamit o pagsisiwalat namin ng iyong medikal na impormasyon para sa paggamot, pagbabayad, o mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan. Hindi kami inaatasang sumang-ayon sa paghihigpit, pero kung sumasang-ayon kami sa paghihigpit, hindi namin gagamitin o isisiwalat ang iyong medikal na impormasyon nang labag sa paghihigpit na iyon, maliban kung kinakailangan ito para sa emergency. Para gumawa ng naturang kahilingan, mangyaring gawin ito sa pamamagitan ng pagsulat sa opisyal sa pagkapribado na nakalista sa likod ng abisong ito.
7. **MGA KARAPATANG BAWIIN O KANSELAHIN ANG MGA PAUNANG PAHINTULOT:** Kung binigyan mo kami ng pahintulot na gamitin o isiwalat ang iyong impormasyong pangkalusugan, maaari mong bawiin ang iyong pahintulot sa pamamagitan ng pagsulat anumang oras. Kapag binawi mo na ang iyong pahintulot, hindi na namin gagamitin o isisiwalat ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa mga dahilang saklaw ng iyong nakasulat na pahintulot. Gayunpaman, hindi namin magagawang bawiin ang anumang pagsisiwalat na nagawa na namin nang may pahintulot mo, at kung nakuha ang pahintulot bilang kondisyon ng pagkuha ng coverage ng insurance, binibigyan ng iba pang batas ang insurer ng karapatang sumalungat sa claim sa ilalim ng policy o sa policy mismo.
8. **KARAPATANG HUMILING NG ALTERNATIBONG PARAAN NG PAKIKIPAG-UGNAYAN:** May karapatan kang hilinging makipag-ugnayan sa iyo sa ibang lokasyon o sa pamamagitan ng ibang paraan. Halimbawa: maaaring mas gusto mong ipadala sa mail ang lahat ng nakasulat na impormasyon sa address ng iyong trabaho sa halip na sa address ng iyong bahay. Sasang-ayon kami sa anumang makatuwirang kahilingan para sa mga alternatibong paraan ng pakikipag-ugnayan. Kung gusto mong humiling ng alternatibong paraan ng pakikipag-ugnayan, dapat mo kaming bigyan ng kahilingan sa pamamagitan ng pagsulat.

## **SINO ANG SUSUNOD SA ABISONG ITO**

1. Sinumang indibidwal na pinahintulutan ng KANA na maglagay ng impormasyon sa iyong rekord sa kalusugan.
2. Lahat ng departamento at programa ng KANA na itinuturing na sakop na entidad sa ilalim ng HIPAA.
3. Sinumang miyembro ng boluntaryong grupo na pinapayagan naming tumulong sa iyo habang tumatanggap ka ng mga serbisyo sa KANA.

## **MGA RESPONSABILIDAD NG KANA**

Inaatasan kami ng batas na protektahan ang pagkapribado ng iyong protektadong impormasyong pangkalusugan; magbigay ng abiso tungkol sa aming mga legal na tungkulin at kasanayan sa pagkapribado; abisuhan ang mga apektadong indibidwal kasunod ng paglabag sa hindi secure na protektadong

impormasyong pangkalusugan; gawing available sa iyo itong Abiso ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado; at sundin ang mga tuntunin ng Abiso ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado na kasalukuyang may-bisa.

May karapatan kaming baguhin ang aming mga kasanayan hinggil sa protektadong impormasyong pangkalusugan na pinapanatili namin. Kung gagawa kami ng mga pagbabago, ia-update namin ang Abisong ito. Maaari mong matanggap ang pinakabagong kopya ng Abisong ito sa pamamagitan ng pagtawag o pagbisita sa alinman sa aming mga programa at paghingi nito o sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website: [www.kodiakhealthcare.org](http://www.kodiakhealthcare.org)

## **PARA HUMINGI NG TULONG, IHAYAG ANG ALALAHANIN, o MAGHAIN NG REKLAMO**

Kung mayroon kang mga tanong, gusto ng higit pang impormasyon, o gustong mag-ulat ng problema tungkol sa pangangasiwa ng iyong impormasyong pangkalusugan, maaari kang makipag-ugnayan sa:

Kodiak Area Native Association  
Attn: Privacy Officer  
3449 East Rezanof Drive  
Kodiak, AK 99615

Para maghain ng reklamo sa Pederal na Pamahalaan hinggil sa mga paglabag sa HIPAA:

Centralized Case Management Operations: U.S. Department of Health and Human Services 200  
Independence Avenue, S.W.

Room 509F, HHH Building Washington, D.C. 20201

Email: [OCRComplaints@hhs.gov](mailto:OCRComplaints@hhs.gov)

Toll Free na Telepono: (800) 368-1019 / Toll Free na TDD: (800) 537-7697

Para maghain ng reklamo online, bisitahin ang: [www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/index.html](http://www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/index.html)

Para maghain ng reklamo hinggil sa mga paglabag sa 42 C.F.R. Bahagi 2:

U.S. Attorney's Office 222 W 7<sup>th</sup> Ave #9  
Anchorage, AK 99513  
907-271-5071

Hindi kami gagawa ng anumang pagkilos laban sa iyo o hindi namin babaguhin ang aming pakikitungo sa iyo sa anumang paraan kung maghahain ka ng reklamo.

*Nagkabisa: Abril 14, 2013 / Binago: Marso 3, 2023*

---